# Ang pagsabi ni Allah-Pagkataas-taas Niya: Kaya't huwag kayong magtambal ng anupaman kay Allah sapagkat batid ninyo [ang katotohanan],Nagsabi si Ibn 'Abbās sa talatang ito: Ang kasama Niya:ito ay Ang Pagtatambal,na mas higit na tago mula sa paglalakad ng langgam sa ibabaw ng itim na bato sa kadiliman ng gabi"

Ang pagsabi ni Allah-Pagkataas-taas Niya: {Kaya't huwag kayong magtambal ng anupaman kay Allah sapagkat batid ninyo [ang katotohanan]},Nagsabi si Ibn 'Abbās sa talatang ito: Ang kasama Niya:ito ay Ang Pagtatambal,na mas higit na tago mula sa paglalakad ng langgam sa ibabaw ng itim na bato sa kadiliman ng gabi"at ito ay ang pagsasabi mo:Sumpa sa Allah at sa Buhay mo o Pulano at sa buhay ko; At ang pagsasabi mo:Kung hindi lang dahil sa maliit na aso na ito,nakapasok na sa atin ang mga magnanakaw.Kung hindi lang dahil sa Pato,nakapasok na atin ang mga magnanakaw.At ang pagsabi ng isang lalaki sa kasama nito:Dahil sa kapahintulutan ni Allah at sa kapahintulutan mo.At ang pagsabi ng isang lalaki na:Kung hindi lang dahil sa Allah at kay pulano.Huwag mong ilagay rito si pulano;Ang lahat ng mga ito ay Pagtatambal"

[Tumpak] [Isinalaysay ni Ibnu Abī Hatim]

Nagsabi si Allah-Mapagpala Siya at Pagkataas-taas Niya: {Kaya't huwag kayong magtambal ng anupaman kay Allah sapagkat batid ninyo [ang katotohanan]} kaya`t ipinagbawal sa mga tao na gumawa sila sa kanya ng katulad Niya at mga kasama Niya,Pinapalitan nila ang mga bagay mula sa pagsamba sa Kanya.Kahit na alam nila na si Allah ay Nag-iisang Tagapag-likha,at Tagapag-biyaya,At ang mga katambal niyang ito,ay walang kapangyarihan at walang kakayahan,at wala sa kanya [ang kapangyarihan] sa mga bagay-bagay,At ipinaliwanag ni Ibn `Abbas malugod si Allah sa kanya Ang mga Pagtatambal sa Mga Kasamahan,at nabanggit niya ang mga halimbawa sa pagsasagawa rito,At ito ay mas higit na tago mula sa tago ng bakas na paglalakad ng langgam sa ibabaw ng batong makinis na maitim sa kadiliman ng gabi,Pagkatapos ay binanggit niya ang mga halimbawa ng mga ito;At ito ay ang Panunumpa ng liban sa Allah,At ang pinakamalaki rito;ay ang pagpapantay mo sa kanya sa Allah.At sasabihin mo: Sumpa sa Allah at sa buhay ko, o Ang pagtingin mo sa dahilan at hindi ang [gumagawa ] ng dahilan,at hindi ibinabalik ang mga pangyayari sa [kagustuhan ni] Allah,Sasabihin niya:Kung hidni lang dahil sa Aso na ito na nagbabantay sa atin,Napasukan

na tayo ng magnanakaw,O sasabihin niyang:Kung hindi lang dahil sa mga pato sa bahay na nagpapaingat sa atin kapag pumasok ang isang taong kakaiba,Napasukan na tayo ng magnanakaw,At kabilang sa Pagtatambal sa Allah; Ang pagsasabi ng isang lalaki sa kasamahan nito na:Dahil sa kapahintulutan ni Allah at sa kapahintulutan mo,at ang pagsasabi niyang: Kung hindi lang dahil sa Allah at kay pulano;Huwag mong ilagay rito si Pulano;Pagkatapos ay pinagtibay niya na ang lahat ng mga ito ay Pagtatambal na maliit,at kapag ang paniniwala ng nagsasabi nito ay;Ang isang o ang Pato o ang Aso,ay siyang nakaka-apekto sa sarili nito liban sa Allah,ito ay [magiging] Malaking Pagtatambal sa Allah.



النجاة الخيرية
ALNAJAT CHARITY
لجنة الدعوة الإلكترونية
EDC E-Da'wah Committee